

No. 23079

AUSTRALIA
and
PHILIPPINES

Agreement concerning co-operation in peaceful uses of nuclear energy and the transfer of nuclear material (with annex and related letter). Signed at Manila on 8 August 1978

Exchange of notes constituting an agreement rectifying the Pilipino text of the above-mentioned Agreement (with annex). Manila, 7 and 9 September 1982

Authentic texts of the Agreement and annex: English and Pilipino.

Authentic texts of the related letter and exchange of notes with annex: English.

Registered by Australia on 18 September 1984.

AUSTRALIE
et
PHILIPPINES

Accord concernant la coopération pour l'utilisation de l'énergie nucléaire à des fins pacifiques et le transfert de matières nucléaires (avec annexe et lettre connexe). Signé à Manille le 8 août 1978

Échange de notes constituant un accord portant rectification du texte pilipino de l'Accord susmentionné (avec annexe). Manille, 7 et 9 septembre 1982

Textes authentiques de l'Accord et de son annexe : anglais et pilipino.

Textes authentiques de la lettre connexe et de l'échange de notes avec annexe : anglais.

Enregistrés par l'Australie le 18 septembre 1984.

[PILIPINO TEXT — TEXTE PILIPINO]

KASUNDUAN NG PAMAHALAAN NG AUSTRALYA AT NG PAMAHA-
LAAN NG REPUBLIKA NG PILIPINAS HINGGIL SA MGA GAMIT
PANGKAPAYAPAHAN NG ENERHIYA NUKLEAR AT SA PAGLILIPAT
NG SANGKAP NUKLEAR

Ang Pamahalaan ng Australya at ang Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas:

Isinasaisip na ang Australya at ang Pilipinas ay kapwa mga Estadong walang sandata nuklear at mga Panig sa Kasunduang Di-Pagpapalaganap ng mga Sandata Nuklear;

Pinaninindigan ang kanilang pagtataguyod sa mga layunin ng Kasunduang Di-Pagpapalaganap ng mga Sandata Nuklear, higit lalo sa mga nasasaad sa Artikulo III at IV, at ang kanilang pagranasang isulong ang pagkatig ng lahat sa Kasunduang iyon;

Tinatanggap na ang Australya at ang Pilipinas ay nangako, batay sa Kasunduang iyon, na hindi lilikha o kaya'y magtatamo ng mga sandata nuklear o iba pang pampasabog nuklear;

Kinikilala rin na ang Australya at ang Pilipinas ay may mga umiiral na pakikipagkasunduan sa Pandaigdig na Ahensiya ng Enerhiya Atomika kaugnay sa Kasunduang Di-Pagpapalaganap ng mga Sandata Nuklear sa pag-uukol ng mga pananggalang sa lahat ng sangkap nuklear sa lahat ng pagkapayapaang gawaing nuklear sa saklaw ng kanilang teritoryo, sa ilalim ng kanilang hurisdiksiyon o isinasagawa sa ilalim ng kanilang pamamahala saan mang lugar;

Naninindigan pa rin na ang mga Panig sa Kasunduan ay may kakayahang tumulong ay dapat maghandog ng makakaya nang nag-iisa o kasama ng iba pang Estado o mga samahang pandaigdig ukol sa lalong ikauunlad ng mga gamit ng enerhiya nuklear sa mga layuning pangkapayapaan, laluna sa mga teritoryo ng mga Estadong walang sandata nuklear na Panig sa Kasunduan, na may angkop na pagsasaalang-alang sa mga pangan-gailangan ng mga nagpapaunlad na lugar sa daigdig;

Tinitiyak pa rin ang pagnanaing dalawang bansa na makipagtulungan sa mga gamit pangkapayapaan ng enerhiya nuklear, gaya ng maihahalimbawa sa kanilang paglahok sa Kasunduan sa Pagtutulungang Panrehiyon kasama ng iba pang kasaping panrehiyon ng Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika;

Ninanasang lumikha ng mga kalagayang naaalinsunod sa kanilang pangakong di-pagpapalaganap na batay dito'y makapaglilipat ng sangkap nuklear sa kanilang mga bansa ukol sa mga layuning pangkapayapaan;

Ang nagkasundo sa mga sumusunod:

Artikulo I. Ang mga Panig ay makikipagtulungan sa mga gamit pangkapayapaan ng enerhiya nuklear, kabilang and pananaliksik at pagsasanay, pagpapalitan ng di-klasipikadong impormasyon at mga proyektong kapwa nila pakikinabangan na kanilang mapagkakasunduan. Ang pagtutulungang ito ay pagagaangin hangga't kakailanganin sa pamamagitan ng mga tanging kasunduan.

Artikulo II. 1. Ang Kasunduang ito ay mauukol sa:

- (a) lahat ng sangkap nuklear na inililipat ng dalawang Panig ukol sa mga layuning pangkapayapaan, tuwiran man o sa pamamagitan ng ibang bansa;
- (b) dami ng nakuhang sangkap nuklear na katumbas sa inilipat na sangkap nuklear na ginamit sa paglikha nito; at

(k) dami ng lahat ng susunod na malilikhang sangkap nuklear batay sa gayon ding panuntunan sa pagtutumbas.

2. Ang sangkap nuklear ay paglilipatan ng mga Panig sa isa lamang taong natural o huridikal na itinalaga ng kinauukulang awtoridad pampamahalaan ng tutustos na Panig bilang awtorisadong tumanggap ng sangkap na iyon.

3. Bago isagawa and paglilipatan ng sangkap nuklear ng mga Panig, ang mga kinauukulang awtoridad pampamahalaan ng dalwang Panig ay dapat nakasulat na magkasundo kung kailan isasailalim ang sangkap sa mga tadhana ng Kasunduang ito.

Artikulo III. Ang sangkap nuklear na tinutukoy sa Artikulo II ng Kasunduang ito ay mananatiling sumasailalim sa mga tadhana ng Kasunduang ito hangga't ito'y magagamit sa ano mang gawaing nuklear na nauugnay sa mga layunin ng mga pananggalang na tinutukoy sa Artikulo V ng Kasunduang ito; na, hanggang ipasiya ng Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika o pagkasunduan ng mga Panig na ang sangkap ay hindi na magagamit o ito'y inilipat nang labas sa hurisdiksyon ng Tumanggap na Panig alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo VIII ng Kasunduang ito.

Artikulo IV. Ang sangkap nuklear na paksa ng Kasunduang ito ay hindi dapat gamitin sa pagbuo o paglikha ng mga sandata nuklear o iba pang pampasabog nuklear, o gamitin sa paraang magtataguyod sa ano mang hangaring panghukbo.

Artikulo V. Kung ang sangkap nuklear na paksa ng Kasunduang ito ay nasa teritoryo ng isang Panig at walang pinaiiral na mga pananggalang ang Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika sa teritoryo ng Panig na iyon batay sa isang kasunduang pananggalang ng Kasunduang Di-Pagpapalaganap, ang Panig na iyon ay dapat tumanggap ng mga pananggalang alinsunod sa isang Kasunduan o mga kasunduan na doon ay mga panig iyon at ang Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika at makapagtatakda doon ng mga pananggalang na katumbas na saklaw at bisa ng mga itinatakda sa isang kasunduang pananggalang ng Kasunduang Di-Pagpapalaganap.

Artikulo VI. Sa kabila ng mga tadhana ng Artikulo V ng Kasunduang ito, kung ang sangkap nuklear na paksa ng Kasunduang ito ay nasa teritoryo ng isang Panig at,

(a) ang Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika ay hindi naguukol ng mga pananggalang sa teritoryo ng Panig na iyon alinsunod sa isang kasunduan o mga kasunduang pananggalang na tinutukoy sa Artikulo V ng Kasunduang ito, at

(b) walang kasunduang pananggalang na pinaiiral sa teritoryo ng Panig na iyon na kasiya-siya sa dalawang Panig,

ang kabilang Panig ay may karapatang magpairal sa teritoryo ng Panig na iyon, sa pakikipagsangguni at sa tulong ng Panig na iyon, ng mga pananggalang na salig sa mga pamamaraang itinatakda sa paraang pananggalang ng Ahensiya, hinggil sa sangkap nuklear na paksa ng Kasunduang ito ukol sa tanging layuning matiyak ang pagtalima sa Artikulo IV ng Kasunduang ito.

Artikulo VII. 1. Nagkasundo ang mga Panig na magsagawa ng mga hakbang na kinakailangan upang matiyak and sapat na pangangalagang pisikal sa sangkap nuklear na saklaw ng kanilang hurisdiksyon at maglapat, sa pinakamababang magagawa, ng mga hakbang sa pangangalagang pisikal na makatutugon sa antas ng pangangalagang pisikal na itinatakda sa Sudlong A ng Kasunduang ito.

2. Magsasangguni ang mga Panig, sa kahilingan ng alinmang Panig, hinggil sa mga bagay-bagay na nauukol sa pangangalagang pisikal.

Artikulo VIII. 1. Ang sangkap nuklear na paksa ng Kasunduang ito ay dapat lamang (a) ilipat sa labas ng hurisdiksyon ng tumanggap na Panig,

- (b) palakasin ng mahigit sa 20 porisyanto ng isotope U-235, o
- (k) muling iproseso,

kung may naunang nakasulat na pag-sang-ayon ng tumustos na Panig.

2. Alang-alang sa mga mungkahing sisibol sa mga bagay-bagay na tinutukoy sa talataan 1 ng Artikulong ito, isasaalang-alang ng tumustos na Panig ang mga kapakanang di-pagpapalaganap, pangangailangang pang-enerhiya at ang mga pangangailangan ng tumanggap na Panig ukol sa wastong pangangasiwa ng ginamit na panggatong nuklear at sa pagtatapon ng basurang nuklear.

3. Kung inaakala ng isang Panig na hindi ito makasasangayon sa isang mungkahing sumibol sa isang bagay na tinutukoy sa talataan 1 ng Artikulong ito, and Panig na iyon ay dapat magbigay sa kabilang Panig ng kagyat na pagkakataon para ganap na makapagsangguni tungkol sa suliraning iyon. Hindi dapat ipagkait ng isang Panig ang pagsang-ayon nito sa isang bagay na tinutukoy sa talataan 1 ng Artikulong ito ukol sa kapakinabangang pangkomersiyo.

Artikulo IX. 1. Ang kinauukulang mga awtoridad pampamahalaan ng dalawang Panig ay dapat magsangguni taun-taon, o kailanmat hinihiling ng alinmang Panig, upang matiyak ang mabisang pagsasakatuparan ng Kasunduang ito. Maaaring anyayahan ng alinmang Panig ang Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika upang lumahok sa mga pagsasangguniang ito.

2. Kung ang sangkap nuklear na paksa ng Kasunduang ito ay nasa teritoryo ng isang Panig, dapat nakasulat na ipabatid ng Panig na iyon sa kabilang Panig, sa sandaling hilingin, ang pangkalahatang pagpapasiya sa pinakahuling ulat, ng Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika tungkol sa mga pagtiyak nito sa teritoryo ng hinilingang Panig.

3. Ang kinauukulang mga awtoridad pampamahalaan ng dalawang Panig ay dapat magtatag ng isang kaayusang pampangasiwaan upang matiyak ang mabisang pagsasakatuparan sa mga pananagutang itinatakda ng Kasunduang ito. Ang isang kaayusang pampangasiwaan na itinatag batay sa talataang ito ay maaaring baguhin sa kasunduan ng kinauukulang mga awtoridad pampamahalaan ng dalawang Panig.

4. Ang kaayusang pampangasiwaan na tinutukoy sa talataan 3 ng Artikulong ito ay dapat ding kapalooban ng pamamaraan sa pagtustos ng halaga ng mga ulat at rekord na ihahanda ng alinmang Panig.

5. Ang bawat Panig ay dapat magsagawa ng lahat ng nararapat na pag-iingat upang mapangalagaan ang pagiging lihim ng mga sekretong pangkomersiyo at pang-industriya at iba pang lihim na impormasyon na nasa pag-iingat nito bunga ng pagpapairal ng Kasunduang ito.

Artikulo X. 1. Ang isang tumustos na Panig ay may karapatan sakaling

- (a) magpasabog ang tumanggap na Panig ng isang pampasabog nuklear, o
- (b) matiyak na ang tumanggap na Panig, batay sa talataan K ng Artikulo XIII ng Batas Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika, ay hindi tumupad o nagpawalang-bisa sa kaugnay na kasunduang panananggalang na pinagtibay sa Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika,

na pigilin o iurong ang dagdag na mga paglilipat ng sangkap nuklear at hingin ang pagbabalik ng sangkap nuklear na paksa ng Kasunduang ito batay sa kabayaran ukol doon sa halagang umiiral ng panahong yaon.

2. Sakaling materyal na hindi tumupad ang tumanggap na Panig sa mga tadhanang napapaloob mula Artikulo IV hanggang VIII ng Kasunduang ito, ang mga Panig ay dapat na magsangguni kaagad sa kahilingan ng alinmang Panig. Ang tumustos na Panig ay may

karapatang ipagpaliban ang paglilipat ng mga sangkap nuklear at hingin sa tumanggap na Panig ang mga naaayong hakbang. Kung hindi magagawa ang mga pagtutuwid na iyon sa loob ng karampatang panahon, ang tumustos na Panig ay may karapatan sa gayon na iurong ang dagdag na mga paglilipat ng sangkap nuklear at hingin ang pagbabalik ng sangkap nuklear na paksa ng Kasunduang ito, batay sa kabayaranang ukol doon sa halagang umiiral ng panahong yaon.

Artikulo XI. Ang ano mang hindwaan na sisibol sa interpretasyon o pagpapairal ng Kasunduang ito na hindi naayos sa pamamagitan ng negosasyon ay ihaharap, sa kahilingan ng alinmang Panig, sa isang hukumang tagapamagitan na bubuuin ng tatlong tagapamagitan. Ang bawat Panig ay hihirang ng isang tagapamagitan at ang dalawang nahirang na tagapamagitan ay pipili ng pangatlo, na magiging Tagapangulo. Kapag sa loob ng tatlumpung araw ng paghiling ng pamamagitan ay walang nahirang na tagapamagitan ang alinmang Panig, ang alinmang Panig sa hidwaan ay maaaring humiling sa Pangulo ng Hukumang Pandaigdig na humirang ng isang tagapamagitan. Ganito rin ang paraang susundiñ kung walang napiling pangatlong tagapamagitan sa loob ng tatlumpung araw ng pagtalaga o paghirang ng pangalawang tagapamagitan. Bubuo ng isang korum ang nakararaming kagawad ng hukumang tagapamagitan, at ang lahat ng kapasiyahan ay isasagawa sa pamamagitan ng nakararaming boto ng lahat ng kagawad ng hukumang tagapamagitan. Ang pamamaraan sa pamamagitan ay itatakda ng hukuman. Ang mga kapasiyahan ng hukuman, kabilang ang lahat ng hatol na nauukol sa pagbuo, pamamaraan, hurisdiksiyon nito at sa paghahati ng mga Panig sa mga gugol ng tagapamagitan, ay sasaklaw sa dalawang Panig at kanilang isasakatuparan, alinsunod sa kani-kanilang mga kaparaanang konstitusyonal. Ang bayad sa mga tagapamagitan ay itatakda batay sa katulad nang nauukol sa mga hukum *ad hoc* ng Hukumang Pandaigdig.

Artikulo XII. Para sa mga layunin ng Kasunduang ito:

(a) ang “kinaaukulang awtoridad pampamahalaan” ay nangangahulugan, sa panig ng Pilipinas, ang Komisyon sa Enerhiya Atomika ng Pilipinas, at sa panig ng Australya, ang *Australian Safeguards Office*;

(b) ang “sangkap nuklear” ay nangangahulugang ano mang “pinagkukunang sangkap” o “tanging sangkap pisyonable” ayon sa kahulugan ng mga katawagang ito sa Artikulo XX ng Batas ng Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika. Ang katagang “pinagkukunang sangkap” ay hindi mangangahulugang mineral na may taglay na metal o di kaya’y nalalabi nito. Ang ano mang kapasiyahan ng Lupong Pamunuan ng Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika batay sa Artikulo XX ng Batas ng Ahensiya na nagsusug sa talaan ng mga sangkap na itinuturing na “pinagkukunang sangkap” o “tanging sangkap pisyonable” ay magkakabisa lamang sa ilalim ng Kasunduang ito sa sandaling nakasulat na ipabatid sa isa’t isa ng kapwa Panig sa Kasunduang ito na tinatanggap nila ang susog na iyon;

(k) ang “kasunduang pananggalang ng Kasunduang Di-Pagpapalaganap” ay nangangahulugang isang kasunduan na pinagtibay alinsunod sa talataan 1 ng Artikulo III ng Kasunduang Di-Pagpapalaganap ng mga Sandata Nuklear, na ginawa sa London, Moscow, at Washington noong Hulyo 1, 1968;

(d) ang “pamamaraang pananggalang ng Ahensiya” ay nangangahulugang ang pamamaraang pananggalang na itinakda sa dokumento INFCIR/66/Rev. 2 ng Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika gayundin ang ano mang susunod na mga susog dito na tinatanggap ng Pamahalaan ng Australya at ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas.

Artikulo XIII. 1. Ano mang oras ay maaaring magmungkahi ang alinmang Panig ng mga susog sa Kasunduang ito. Ang isang susog na pinagkasunduan ng mga Panig ay magkakabisa sa sandaling mapagtibay sa pamamagitan ng isang Palitan ng mga kalatas.

2. Pagkalipas ng lumang taong pag-iral ng Kasunduang ito, ang mga Panig, kapag hiniling ng alinmang Panig, ay magpupulong upang suriin ang pagkakabisa ng Kasunduang ito at isaalang-alang ang mga nauugnay na pagsulong, pati yaong sa larangan ng teknolohiya. Pagkatapos noon ay magsasagawa pa ng dagdag na mga pagsusuri, sa kahilingan ng alinmang Panig, pagkaraan ng hindi kukulangin sa limang taon mula sa petsa ng nakaraang pagsusuri.

Artikulo XIV. Ang Kasunduang ito ay magkakabisa sa petsang ipabatid ng mga Panig sa isa't isa, sa pamamagitan ng isang palitan ng mga kalatas diplomatiko, na tumupad na sila sa lahat ng pangangailangang konstitusyonal ukol sa pagkakabisa nito, at manatiling umiiral nang walang takdang panahon maliban kung may iba pang pagkasunduan ang mga panig.

BILANG PATUNAY NITO, ang mga nakalagda sa ibaba, na binigyang-kapangyarihan gaya ng nararapat ng kani-kanilang Pamahalaan, ay lumagda sa Kasunduang ito.

GINAWA sa Maynila noong ika-walong araw ng Agosto 1978 sa mga wikang Ingles at Pilipino, na pagsasaligan ang Tekstong Ingles sakaling hindi tiyak ang kahulugan.

Para sa Pamahalaan
ng Australya:

[Signed — Signé]¹

Para sa Pamahalaan
ng Republika ng Pilipinas:

[Signed — Signé]²

SUDLONG A

PINAGKASUNDUANG ANTAS NG PANGANGALAGANG PISIKAL

Ang pinagkasunduang antas ng pangangalagang pisikal na titiyakin ng kinaaukulang mga awtoridad pampamahalaan ukol sa paggamit, pagtitinggal at paghahatid ng mga sangkap sa kalakip na talahanayan na kabibilangan, sa pinakamababang magagawa, ng mga katangian sa pangangalaga gaya ng mga sumusunod:

Kategorya III

Paggamit at Pagtitinggal sa isang lugar na kontrolado ang pagpunta.

Paghahatid sa ilalim ng mga tanging pag-iingat kabilang ang naunang pag-aayos ng magpapadala, tatanggap at maghahatid, at naunang kasunduan ng mga Estado kung ihahatid ng pahatirang pangdaigdig na tinitiyak ang oras, lugar at pamamaraan ng paglilipat ng pananagutan sa paghahatid.

Kategorya II

Paggamit at Pagtitinggal sa isang protektadong lugar na kontrolado ang pagpunta, halimbawa'y isang lugar na palaging minamatyagan ng mga guwardiya o mga aparatong elektronik, naliligid ng bakod na limitado ang daanan at may angkop na kontrol, o alinmang lugar na may katulad na antas na pangangalagang pisikal.

Paghahatid sa ilalim ng mga tanging pag-iingat kabilang ang naunang pag-aayos ng magpapadala, tatanggap at maghahatid, at naunang kasunduan ng mga Estado kung ihahatid ng pahatirang pangdaigdig na tinitiyak ang oras, lugar at pamamaraan ng paglilipat ng pananagutan sa paghahatid.

Kategorya I

Ang mga sangkap sa Kategoryang ito ay dapat pangalagaan sa pamamagitan ng mga sistemang lubhang maaasahan laban sa di-awtorisadong paggamit gaya ng mga sumusunod:

Paggamit ng Pagtitinggal sa isang lugar na lubhang pinangangalagaan, halimbawa'y isang protektadong lugar gaya ng tikutukoy sa sinundang Kategorya II, na bukod dito, ang pagpunta ay limitado sa mga taong tiyak na mapagkakatiwalaan at minamatyagan ng mga guwardiya na mahigpit na nakikipagtalastasan sa mga nararapat na puwersang panagupa. Ang mga tanging hakbang na

¹ Signed by J.D. Anthony — Signé par J.D. Anthony.

² Signed by Geronimo Z. Velasco — Signé par Geromino Z. Velasco.

isasagawa kaugnay nito ay dapat maglayong tutupin at hadlangan ang ano mang pagsalakay, di-awtorisadong pagpunta o di-awtorisadong pagkuha ng sangkap.

Paghahatid sa ilalim ng mga tanging pag-iingat ayon sa sinundang paliwanag sa paghahatid ng mga sangkap sa Kategoriya II at III at, bukod dito, sa ilalim ng palagiang pagmamatyag ng mga bantay at sa ilalim ng mga kalagayang makatitiyak ng mahigpit na pakikipag-talastasan sa mga nararapat na purwersang panagupa.

Sangkap	Uri	Kategoriya		
		I	II	III
Plutonyum ^(a)	Di-Niradyasyon ^(b)	2 k o higit pa	Kulang sa 2 k subalit mahigit sa 500 g	500 g o kulang pa ^(k)
Uranyum-235	Di-Niradyasyon ^(b)			
	—uranyum na Pinalakas sa 20% U-235 o higit pa	5 k o higit pa	Kulang sa 5 k subalit mahigit sa 1 k	1 k o kulang pa ^(k)
	—uranyum na pinalakas sa 10% U-235 subalit kulang sa 20%	—	10 k o higit pa	Kulang sa 10 k ^(k)
	—uranyum na pinalakas nang higit sa likas, subalit kulang sa 10% U-235 ^(d)	—	—	10 k o higit pa
Uranyum-233	Di-Niradyasyon ^(b)	2 k o higit pa	Kulang sa 2 k subalit 500 g	500 g o kulang pa ^(k)
Niradyasyong Panggatong		(c)	(e)	Simot o likas na uranyum, toryum o mababang uring panggatong (kulang sa 10% ang taglay na pag-alab) ^(e)

^(a) Ayon sa pakahulugan sa Batas ng Pandaigdig na Ahensiya sa Enerhiya Atomika (IAEA).

^(b) Sangkap na di niradyasyon sa isang reaktor o sangkap na niradyasyon sa isang reaktor subalit may antas ng radyasyon na katumbas o kulang sa 100 rads/oras sa layong isang metron walang panalag.

^(k) Dapat na di-saklaw ang walang sapat na dami ng radyolohiya.

^(d) Ang likas na uranyum, simot na uranyum at toryum at ang dami ng uranyum na pinalakas hindi kukulang sa 10% na di-saklaw ng Kategoriya III ay dapat pangalagaan nag naayon sa maingat na paraan ng pangangasiwa.

^(e) Ang iba pang panggatong na dahil sa orihinal na taglay nitong sangkap pang-alab ay inuuri bilang Kategoriya I o II bago iradyasyon ay maaaring babaan ng isang antas ng kategoriya kung ang antas ng radyasyon galing sa panggatong ay higit sa 100 rads/oras sa layong isang walang panalag.